

# 4 NA HAKBANG NG PANGUNANG LUNAS SA HIKA



1

I-upo ang tao nang tuwid

**4** na ulit bigyan ng magkakahiwalay na buga (puffs) mula sa asul/kulay-abong aparatong mabilis na nagbibigay ng ginhawa sa sintomas ng hika (reliever puffer)

- Alugin ang puffer
- Maglagay ng **1 buga** sa spacer
- Lumanghap nang **4 na ulit** mula sa spacer

Ulitin hanggang makalanghap na ng **4** na buga

Tandaan: **alugin, 1 buga, 4 na langhap**

O bigyan ng 2 magkakahiwalay na dosis ng Bricanyl inhaler (edad 6 at mas matanda) o Symbicort inhaler (mas matanda sa 12)



2



3

Maghintay ng **4** na minuto

Kung hindi bumubuti, bigyan ng **4 na ulit pang magkakahiwalay na buga mula sa asul/kulay-abong reliever** gaya ng nasa itaas

O bigyan ng 1 pang dosis ng Bricanyl o Symbicort inhaler



4

Kung hindi pa rin bumubuti, tawagan ang Tatlong Sero (000) para sa ambulansiya

Ipagpatuloy ang pagbibigay ng **4** na magkakahiwalay na buga bawat **4** na minuto hanggang sa dumating ang tulong na emerhensiya

O 1 dosis ng Bricanyl o Symbicort bawat 4 na minuto – hanggang sa 3 pang dosis ng Symbicort

Agad tumawag ng tulong na emerhensiya. Tawagan ang Tatlong Sero (000):

- Kung ang tao ay hindi humihinga.
- Kung ang hika ng tao ay biglang lumala, o hindi bumubuti.
- Kung ang tao ay inaatake ng hika at walang reliever na makuha.
- Kung ikaw ay hindi sigurado kung ito ay hika.
- Kung ang tao ay kilalang may anaphylaxis – sundin ang kaniyang Anaphylaxis Action Plan, pagkatapos ay bigyan ng Pangunang Lunas sa Hika. Ang asul/kulay-abong reliever na gamot ay malamang na hindi makasasama kung gagamitin, kahit pa ang tao ay wala namang hika.

Protektahan ang iyong sarili ngayong panahon ng polen.

Mahalagang pamahalaan ang hika at mga alerhiya.

Bisitahin ang [betterhealth.vic.gov.au](http://betterhealth.vic.gov.au) o tawagan ang 1800 ASTHMA (1800 278 462) para sa karagdagang impormasyon.

Pinahintulutan at inilathala ng Pamahalaan ng Victoria, 1 Treasury Place, Melbourne (1708026)

© State of Victoria (Department of Health and Human Services).  
Maliban sa logo, lisensyado sa ilalim ng lisensiyang CC BY International 4.0.

